

## **Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na umabante sa Unang Hakbang sa Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas sa Hunyo 11**

BRAMPTON, ON (Hunyo 7, 2021) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario sa araw na ito, naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na lumipat sa [Unang Hakbang sa Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas](#) ngayong Biyernes, Hunyo 11 sa 12:01 am. Ang hakbang na ito ay tatlong araw na maaga kaysa iskedyul salamat sa pamimigay ng bakuna ng Lalawigan sa pakikipagtulungan ng mga lokal na unit ng public health, mga partner sa health care, mga munisipyo, at nagpapatuloy na dedikasyon sa ating komunidad.

Hanggang Hunyo 11, gagawin ang sumusunod na mga tuntunin at pamamaraan sa ilalim ng [Unang Hakbang sa Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas](#):

- Mga limitasyon sa outdoor para sa mga pagtitipon-tipon ng mga tao at ang inorganisang mga event ng publiko ay pahahabain sa 10 tao, kabilang ang mga miyembro ng iba't ibang mga sambahayan;
- Ang outdoor na mga serbisyong panrelihiyon, mga ritwal, o mga seremonya, kabilang ang mga serbisyo sa kasal at mga serbisyo sa paglilibing, ay nilimitahan sa bilang ng mga taong makakapanatili ng layo mula sa iba na dalawang metro;
- Ang indoor na mga serbisyong panrelihiyon, mga ritwal, o mga seremonya, kabilang ang mga serbisyo sa kasal at mga serbisyo sa paglilibing, ay pinayaganan sa hanggang 15 porsiyento na kapasidad ng partikular na silid
- Pinapayagan ang hindi mahalagang retail sa 15 porsiyentong kapasidad, na walang mga paghihigpit sa mga paninda na pwedeng ibenta;
- Pinapayagan ang napakahalaga at iba pang piling retail sa 25 porsiyentong kapasidad, na walang mga limitasyon sa mga paninda na pwedeng ibenta;
- Outdoor dining na may hanggang apat na tao kada mesa na may eksepsyon sa mas malaking mga sambahayan;
- Papayagan ang outdoor fitness classes, outdoor na mga pangkat sa personal na pagsasanay at outdoor individual/team sport training na may hanggang 10 tao kung saan pwedeng mapanatili ang tatlong metrong layo;
- Pinapayagan na tatakbo ang mga day camp para sa mga bata sa paraan na naaayon sa pangkaligtasang mga patnubay para sa COVID-19 na nilikha ng Office of the Chief Medical Officer of Health;
- Overnight camping sa mga campground at campsite, kabilang ang Ontario Parks, at maikling panahon na pangungupahan;
- Maaaring magbukas ang outdoor ang mga venue ng konsyerto, teatro at sinehan para sa layunin ng pag-ensayo o pagsagawa ng inirekord o ibino-broadcast na konsyerto, maka-sining na event , theatrical performance o iba pang performance na hindi hihigit sa 10 performer, kabilang ang iba pang mga paghihigpit;
- Ang mga outdoor na horse racing tracks at motor speedways ay pinapayagan na magbukas nang walang tagapanood; at
- Ang outdoor na mga atraksyon tulad ng mga zoo, landmarks, mga makasaysayang site, mga botanical site, mga botanical garden sa kapasidad at ibang mga paghihigpit.



Ang [Strategic na Plano sa Muling Pagbubukas](#) ng Lalawigan ay isang plano na tatlong-hakbang para maingat na muling magbukas ang lalawigan at dahan-dahang tanggalin ang mga pamamaraan ng public health batay sa rate ng pagbabakuna sa buong lalawigan at pagpapahusay sa mahalagang mga indicator sa public health at health care.

Basahin ang News Release ng Lalawigan [dito](#).

### **Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod**

#### Outdoor na Panlibangang mga Amenidad ng Lungsod

Kabilang sa pinapayagang mga outdoor na panlibangang amenidad ang golf courses at driving ranges, soccer at iba pang sports fields, baseball diamonds at batting cages, tennis at basketball courts, lawn bowling at bocce, BMX at skate parks, at wading pools at splash pads.

Ang mga detalye kaugnay ng season open ng Professor's Lake beach at Eldorado Park outdoor pool ay makukuha sa huling bahagi ng buwan na ito.

Para sa mga timeline at detalye kaugnay ng mga parametro na pangkalusugan at pangkaligtasan sa COVID-19 para sa partikular na mga amenidad ng Lungsod, pakibisita ang [www.brampton.ca/summerfun](http://www.brampton.ca/summerfun).

#### Mga Splash Pad at Wading Pool

Ang mga Splash Pad ay bukas sa buong lungsod. Ang wading pool sa Chinguacousy Park ay nakaiskedyul na muling magbukas para magamit ng publiko sa Hunyo 11, 2021, kung maganda ang panahon. Ang mga wading pool sa buong lungsod ay bukas sa mga weekend simula Hunyo 12, at bukas araw-araw simula Hunyo 26. Iniutos ang paglayo mula sa iba at hinihiling ang mga residente na tasahin ang mga sarili kung may sintomas ng COVID-19 bago pumasok. Ang isang talaan ng mga lokasyon ng splash pad at wading pool at mga oras ng operation ay makikita [dito](#).

#### Personal na mga Summer Camp

Ang Nine City ng Brampton Recreation Centres ay magho-host ng personal na mga summer camp para sa mga bata at kabataan simula sa Hulyo 5. Nagbukas ang pag-register sa camp sa Hunyo 7. Kabilang sa mga camp ang mga aktibidad tulad ng games, sports, crafts at marami pa, mula Lunes hanggang Biyernes 8:45 am hanggang 5:15 pm. Ang linggo ng Agosto ay mas paiikliin pa dahil sa public holiday.

Ipinapatupad ng Lungsod ng Brampton ang pinaigting na mga protokol para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga kalahok at staff na may gabay mula sa Peel Public Health. Ang mga kalahok ay inuutusang magsuot ng mga facemask indoor sa lahat ng oras, at sa outdoor kapag hindi posible ang paglayo mula sa iba. Hahatiin sa pangkat-pangkat ang mga camper na hindi makikihalubilo sa isa't isa. Isinasagawa ang mga pamamaraan ng pinaigting na paglilinis, araw-araw na screening, at mas marami pa ang gagawin. [I-click dito para sa kumpletong mga detalye sa kalusugan at kaligtasan sa personal na summer camp.](#)

Mag-iiba iba ang mga bayad. Tumawag sa 3-1-1 o bisitahin ang [www.brampton.ca/reccamps](http://www.brampton.ca/reccamps) para mag-register.

### **Mga pagbabakuna**



Ang mga indibidwal na 12 taon o higit pa na naninirahan, nagtatrabaho, o pumapasok sa paaralan sa Peel, kabilang ang Brampton, ay pwede na ngayong i-book ang appointment sa pagpapabakuna para sa COVID-19 sa piling mga klinika. Ang mga appointment para sa mga indibidwal na edad 12 hanggang 15 ay kailangang [i-book online](#) gamit ang booking system ng Rehiyon ng Peel. Kung may isang tao na nangangailangan ng tulong sa pag-book, pwede silang tumawag sa COVID-19 Vaccination Line ng Rehiyon ng Peel sa 905.791.5202, 8 am hanggang 8 pm, 7 araw bawat linggo.

Pwede na ngayon ang pagpapa-book sa ikalawang dosis para sa mga residente ng Rehiyon ng Peel na edad 70+ at sa mga nakatanggap ng bakuna ng Pfizer o Moderna bago ang Abril 18. Ang mga appointment ay pwedeng i-book gamit ang booking system ng Lalawigan sa [covid-19.ontario.ca/book-vaccine/](https://covid-19.ontario.ca/book-vaccine/) o sa pamamagitan ng pagtawag sa booking line ng Lalawigan sa 1-833-943-3900.

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [portal ng bakuna](#) ng Lalawigan.

### Mga Link

- [Mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Portal ng Bakuna ng Pamahalaan ng Ontario](#)
- [Portal ng Bakuna ng Rehiyon ng Peel](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)